International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

# STUDENTS' PROFICIENCY IN TEACHING PHILIPPINE LITERATURE SUBJECT: A BASIS IN DEVELOPING POLYMEDIA MATERIALS

**HAIPA A. NALUD**
**ANESA P. MANGINDRA, PhD**

Sultan Kudarat State University
EJC Montilla, Tacurong City, Sultan Kudarat, Philippines

## Abstract

This study examines students' proficiency in teaching Filipino literature in the Philippines through the development of polymedia materials. Conducted at Sultan Kudarat State University, Palimbang Campus, during the second semester of the 2024-2025 academic year, it utilized a Research and Development (R&D) design. The research evaluated students' skill levels, the effectiveness and validation of the developed polymedia materials, and their acceptance among teachers and students. Data were gathered through assessments, expert validation focusing on content and technical aspects, and an acceptability evaluation using mean and standard deviation.

Findings indicated that students faced challenges in analyzing literary works and applying effective teaching strategies. However, the polymedia materials proved to be highly effective and were positively received by both teachers and students, highlighting their potential as supplementary teaching tools for Philippine literature. Based on these results, the study recommends the integration of polymedia to enhance students' teaching proficiency while continuously refining its content and technical aspects for improved educational outcomes.

**Mga Susing Salita**: *akseptabilidad, balidasyon*, *kasanayan, pagtuturo ng Filipino, Panitikan ng Pilipinas, polymedia*

## Kaligirang Pag-aaral

Ang epektibong pagtuturo ay nakasalalay sa kahusayan ng guro at kalidad ng mga kagamitang panturo. Gayunpaman, maraming paaralan, lalo na sa pampublikong sektor, ang kulang sa angkop at modernong kagamitan, na nagiging hadlang sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Upang mapataas ang kalidad ng edukasyon, mahalagang makahanap ng inobatibong solusyon upang matugunan ang kakulangang ito.

Ang *National Education Technology Plan 2010* (NETP) ng *U.S. Department of Education* ay nanawagan ng *"revolutionary transformation*" sa edukasyon sa pamamagitan ng teknolohiya upang mapabuti ang pagkatuto at pagsusuri ng tagumpay. Binibigyang diin nito ang mahalagang papel ng kagamitang panturo sa pagpapataas ng kalidad ng edukasyon.

Sa lokal na edukasyon sa Pilipinas, mahalaga ang Panitikang Pilipino sa kurikulum ng Filipino. Gayunpaman, ayon kay Gonzales (2020), nahihirapan ang mga mag-aaral at guro sa makalumang paraan ng pagtuturo. Ayon kina Reyes at Delos Santos (2021), may potensyal ang *polymedia* ngunit limitado ang paggamit nito dahil sa kakulangan ng pagsasanay at kagamitan. Sa kabila nito, ipinakita ng pananaliksik na ang mga mag-aaral ng SKSU ay may mataas na interes at kakayahang umangkop sa *polymedia*, na maaaring mapalakas sa suporta ng unibersidad at komunidad (Dela Cruz & Lopez, 2022).

Sa kabila ng pag-usbong ng teknolohiya sa edukasyon, kulang pa rin ang pananaliksik sa pagbuo ng *polymedia* na kagamitan sa pagtuturo. Karamihan ay nakatuon sa teknolohikal na aspekto, ngunit hindi sa pagsasanib ng teksto, awdyo, at biswal sa isang materyal. Limitado rin ang paggamit nito sa Filipino dahil sa kakulangan ng pagsasanay at suportang teknikal para sa mga guro. Kaya't inirerekomenda ang pagbuo ng *polymedia* na kagamitan sa iba't ibang antas ng edukasyon upang makatulong sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral (Bawa & Bawa, 2020; Rivera, 2019; Cruz, 2021; Ramirez & Gonzales, 2022; Fernandez 2020).

Isinagawa ang pananaliksik upang tukuyin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino sa pagbuo ng *polymedia* na kagamitan bilang makabagong panturo. Layunin nitong matugunan ang hamon sa paggamit ng teknolohiya sa pagtuturo sa Sultan Kudarat State University at makatulong sa pagpapalakas ng kalidad ng edukasyon sa Filipino sa makabagong panahon.

## Layunin ng Pag-aaral

Narito ang mga tiyak na layunin na tinugunan sapag-aaral na ito.

1. Makuha ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa asignaturang panitikan ng Pilipinas
2. Maipabalido ang nabuong *polymedia* na kagamitan
3. Makuha ang antas ng akseptabiliti ng mga mag-aaral sa *polymedia* na kagamitan
4. Makuha ang antas ng akseptabiliti ng mga guro sa *polymedia* na kagamitan
5. Maipakita kung may makabuluhan ang pagtanggap ng guro at mag-aaral sa *polymedia*

## Metodolohiya

Ginamit sa pananaliksik ang *Research and Development (R&D*) na disenyo upang makabuo ng makabago at epektibong solusyon sa pagtuturo. Sa pamamagitan nito, masusing sinuri ang datos, ginamit ang modernong teknolohiya, at isinagawa ang eksperimento upang mapabuti ang kalidad ng edukasyon (Smith & Johnson, 2020). Layunin ng pag-aaral na makabuo ng balidong *polymedia* na kagamitan batay sa kahusayan ng mga mag-aaral sa Panitikang Pilipino, suriin ang bisa nito, at alamin ang antas ng pagtanggap mula sa guro at mag-aaral, pati na rin ang pagkakaiba ng kanilang pananaw.

## Pagtalakay

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

**Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral Batay sa Pagsusulit**

**Talahanayan 1. Resulta ng Antas ng Kasanayan ng mga Mag-aaral**

| Paksa | *Percentage* | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Batayang Kaalaman sa Panitikan | 59.74 | Hindi Pumasa |
| Pagtuturo ng Panitikan | 63.06 | Hindi Pumasa |
| Pagtatayang Tradisyunal o Pormal | 61.43 | Hindi Pumasa |
| Mga Halimbawa ng Pagtutuonang Pag-aaral ng Akdang Pampanitikan | 56.19 | Hindi Pumasa |
| Paghahanay ng mga Panitikang Dapat at Hindi Dapat Itinuturo sa Uri ng mga Mag-aaral | 56.67 | Hindi Pumasa |
| Iba pang Mungkahing Gawain sa Pagtataya ng Panitikan | 56.67 | Hindi Pumasa |
| Mga Iba't ibang Gawain sa Pagtataya ng Panitikan | 60.48 | Hindi Pumasa |
| **Kabuoan** | **59.56** | **Hindi Pumasa** |

Natuklasan sa pagtataya na hindi nakapasa ang mga mag-aaral sa lahat ng paksa sa Panitikang Pilipino, na may kabuoang iskor na 59.56%, mas mababa sa itinakdang pamantayan. Pinakamababa ang iskor sa pagsusuri ng akdang pampanitikan (56.19%), na nagpapakita ng pangangailangan sa pagpapalakas ng kaalaman sa larangang ito. Kahit bahagyang mas mataas, nananatiling mababa ang iskor sa Pagtuturo ng Panitikan (63.06%), na nangangailangan ng mas epektibong estratehiya sa pagtuturo. Upang matugunan ang kakulangang ito, inirerekomenda ang paggamit ng *polymedia* na kagamitan tulad ng dihital na materyales, mga *video presentation*, mga *interactive module*, at mga *multimedia-based learning tool* upang gawing mas makabuluhan at epektibo ang pagkatuto.

Ayon kay Tolentino (2001) sa Sentro ng Wikang Filipino, isa sa mga pangunahing hamon sa pagtuturo ng panitikan sa Pilipinas ay ang kakulangan ng angkop na kagamitan at metodolohiya, na nagreresulta sa mababang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsusuri ng akdang pampanitikan. Samantala, natukoy nina Domingo et al. (2024) na ang pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa pagbasa ng nobelang Filipino ay isang malaking suliranin. Lumabas sa kanilang pag-aaral na mas

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

pinipili ng mga mag-aaral ang elektronikong babasahin kaysa sa mga nakalimbag na nobela, na nagdudulot ng kakulangan sa *exposure* sa tradisyunal na akdang pampanitikan.

**Antas ng Balidasyon ng *Polymedia* na Kagamitan**

**Talahanayan 2. Resulta ng Balidasyon ng Nabuong *Polymedia* na Kagamitan**

| Indikeytor | Mean | sd | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 4.56 | 0.12 | Lubos na Mabisa |
| B. Pagkagamitin | 4.87 | 0.16 | Lubos na Mabisa |
| C. Kaangkupan | 4.67 | 0.30 | Lubos na Mabisa |
| D. Kahusayang Teknikal | 4.56 | 0.12 | Lubos na Mabisa |
| **KABUOAN** | **4.67** | **0.19** | **Lubos na Mabisa** |

Batay sa talahanayan, ang balidasyon ng nabuong *polymedia* na kagamitan ay nagpapakita ng mataas na bisa batay sa apat na indikeytor: Nilalaman, Pagkagamitin, Kaangkupan, at Kahusayang Teknikal. Pinakamataas ang mean iskor sa Pagkagamitin (M=4.87, SD=0.16), na nangangahulugang madali itong gamitin at maunawaan. Ang Nilalaman (M=4.56, SD=0.12) at Kahusayang Teknikal (M=4.56, SD=0.12) ay parehong lubos na mabisa, na nagpapakita ng mataas na kalidad ng impormasyon at maayos na teknikal na disenyo. Ang Kaangkupan (M=4.67, SD=0.30) ay may mataas na antas ng angkop na paggamit, bagama't may bahagyang pagkakaiba sa sagot ng mga tagabalido. Sa pangkalahatan, ang *mean* iskor na 4.67 (SD=0.19) ay nagpapakita na ang *polymedia* na kagamitan ay epektibo sa pagtuturo. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapahiwatig ng mataas na konsistensi sa pagsusuri ng mga eksperto, na sumusuporta sa pagiging angkop at kapaki-pakinabang ng kagamitan sa pag-aaral ng mga estudyante.

Ayon kina Varona at Mandado (2019), natuklasan na ang paggamit ng kagamitang multimidya sa antas tersyarya ay nagdulot ng positibong epekto sa kasanayang pasalita ng mga estudyante. Ipinakita rin na ang integrasyon ng teknolohiya sa pagtuturo ay nakatutulong sa pagpapalawak ng kanilang pag-unawa at kakayahan. Samantala, sa pag-aaral nina Ruelo et al. (2024), lumitaw na ang paggamit ng mga interaktibong video ay may positibong epekto sa pakikinig, interes, at pag-unawa ng mga estudyante sa mga talakayan.

**Antas ng Akseptabiliti ng mga Guro sa *Polymedia* na Kagamitan**

**Talahanayan 3. Resulta ng Akseptabiliti ng mga Guro sa *Polymedia***

International Journal of Arts, Sciences and Education
Volume 6 Issue 2 | 2025
ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

**na Kagamitan**

| Indikeytor | Mean | sd | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 3.67 | 0.22 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| B. Organisasyon | 3.66 | 0.25 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| C. Mekaniks | 3.58 | 0.21 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| D. Audio-Visual na Presentasyon | 3.66 | 0.16 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **KABUOAN** | **3.64** | **0.21** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Makikita na ang *polymedia* na kagamitan ay nakatanggap ng mataas na antas ng akseptabilidad mula sa mga guro, na may kabuoang *mean* na 3.64 (SD=0.21), na nangangahulugang ito ay lubos na katanggap-tanggap. Pinakamataas ang *mean* iskor sa Nilalaman (M=3.67, SD=0.22) at Organisasyon (M=3.66, SD=0.25), na nagpapakita ng malinaw at dekalidad na impormasyon. Bagama't bahagyang mas mababa, nananatiling katanggap-tanggap ang Mekaniks (M=3.58, SD=0.21), na nagpapahiwatig ng maayos na gramatika at teknikal na aspekto. Samantala, ang *Audio-Visual* na Presentasyon (M=3.66, SD=0.16) ay nagpapakita ng kasiyahan ng mga guro sa biswal at awditoryong kalidad ng kagamitan. Sa kabuoan, ipinapakita ng resulta na ang *polymedia* na kagamitan ay may malaking potensyal bilang epektibong kasangkapan sa pagpapahusay ng pagtuturo at pagkatuto sa silid-aralan.

Ayon sa pag-aaral nina Lucero et al. (2022), sinuri ang kahandaan ng mga guro at estudyante sa paggamit ng *e-learning* sa pampubliko at pribadong institusyon ng mas mataas na edukasyon. Natuklasan na malawakang tinatanggap ng mga guro ang teknolohiyang pang-edukasyon, dahil ito ay nakakatulong sa pagpapadali ng kanilang mga gawain at pagpapabuti ng proseso ng pagkatuto. Samantala, ayon kay Delos Reyes (2020), ang *polymedia-based instruction* ay nakakuha ng mataas na antas ng pagtanggap bilang isang epektibong paraan ng pagtuturo sa itinakdang mga paksa sa kurso.

**Antas ng Akseptabiliti ng mga Mag-aaral sa *Polymedia* na Kagamitan**

**Talahanayan 4. Resulta ng Akseptabiliti ng mga Mag-aaral sa *Polymedia* na Kagamitan**

| Indikeytor | Mean | sd | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|
| A. Nilalaman | 3.62 | 0.08 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| B. Organisasyon | 3.60 | 0.17 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| C. Mekaniks | 3.73 | 0.27 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| D. Audio-Visual na Presentasyon | 3.68 | 0.29 | Lubos na Katanggap-tanggap |
| **KABUOAN** | **3.66** | **0.20** | **Lubos na Katanggap-tanggap** |

Inilalahad sa talahanayan na mataas ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa *polymedia* na kagamitan (M=3.66, SD=0.20). Ang matataas na iskor sa Nilalaman, Organisasyon, Mekaniks, at Audio-Visual na Presentasyon ay nagpapakita ng malinaw, maayos, at epektibong materyal. Ang mababang *standard deviation* ay nagpapahiwatig ng pare-parehong positibong pananaw. Sa kabuoan, napatunayang mabisa at epektibong pantulong sa pagkatuto ang kagamitan, na nagpapataas ng interes at nagpapadali ng pang-unawa sa leksyon.

Ang mataas na antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa *polymedia* na kagamitan ay sinusuportahan ng ilang pag-aaral na nagpapakita ng positibong epekto ng *multimedia* sa edukasyon. Ayon kay Samson (2019), ang paggamit ng *multimedia* sa pagtuturo ng Filipino ay nagdudulot ng makabuluhang pag-unlad sa kaalaman at kasanayan ng mga mag-aaral. Samantala, binigyang diin nina Taganahan at Apolinar (2025) ang mahalagang papel ng multimodal na kagamitang pagkatuto sa pagpapalakas ng midya literasi at pagkatuto ng mga mag-aaral sa BSEd Filipino. Ang mga pananaliksik na ito ay nagpapatunay sa mataas na pagtanggap at epektibong paggamit ng *polymedia* bilang pantulong sa pagkatuto.

## Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Akseptabiliti ng mga Guro at Mag-aaral sa Polymedia na Kagamitan

**Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Akseptabiliti ng mga Guro at Mag-aaral sa *Polymedia* na kagamitan**

| Pangkat | t | Df | p | Mean diff | SE diff | Interpretasyon |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Mag-aaral | 1.23 | 9.00 | 0.250 | 0.0310 | 0.0252 | Hindi Makabuluhan |
| Guro | 39.5 | | 0.241 | 0.0200 | 0.0252 | |

*At 0.05 Level of Significance*

Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng akseptabilidad ng *polymedia* na kagamitan sa pagitan ng mga guro at mag-aaral, batay sa p-value na 0.250, na mas mataas sa 0.05 na *level of*

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

*significance*. Ang *mean difference* na 0.0310 at *standard error difference* na 0.0252 ay nagpapakita ng halos magkatulad na pagsusuri sa bisa at kalidad ng kagamitan. Ipinapahiwatig nito na parehong positibo ang pagtanggap ng dalawang pangkat, na nagpapatunay sa epektibong nilalaman, organisasyon, mekaniks, at audio-visual na aspekto ng kagamitan sa pagtuturo.

Ayon sa pag-aaral nina Gidion et al. (2015), parehong guro at mag-aaral ang gumagamit ng kumbinasyon ng tradisyonal at makabagong midya sa edukasyon, na nagpapakita ng positibong pagtanggap sa teknolohikal na pagbabago sa larangan ng pagtuturo. Samantala, natuklasan nina Garcia et al. (2021) na may positibong pananaw ang mga estudyante sa paggamit ng *Canvas* bilang *learning management system* para sa *e-learning*. Gamit ang *Structural Equation Modelling*, ipinakita sa kanilang pag-aaral na ang mga benepisyo at opinyon ng mga mag-aaral ukol sa *Canvas* ay may direktang at makabuluhang epekto sa kanilang intensyon na patuloy itong gamitin.

**Konklusyon**

Batay sa resulta ng pag-aaral, lumitaw na may kakulangan sa kasanayan at kaalaman ang mga mag-aaral sa pagtuturo ng Panitikan ng Pilipinas, lalo na sa pagsusuri ng akdang pampanitikan at epektibong pamamaraan ng pagtuturo nito. Dahil dito, naging mahalaga ang pagbuo ng *polymedia* na kagamitan bilang isang interbensyon upang mapabuti ang kanilang pagkatuto. Napatunayan na ang paggamit ng mga *digital* na materyales, mga *video presentation*, at mga *interactive module* ay isang mabisang paraan upang gawing mas makabuluhan at mas nakakaengganyo ang pag-aaral ng panitikan.

Ipinakita sa balidasyon na ang *polymedia* na kagamitan ay may mataas na antas ng bisa, partikular sa mga aspektong Pagkagamitin, Nilalaman, Kaangkupan, at Kahusayang Teknikal. Ang mataas na *mean* iskor sa mga aspektong ito ay nagpatutunay na ito ay madaling gamitin, malinaw, may mataas na kalidad ng disenyo, at naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Samantala, ang pagsusuri sa antas ng akseptabilidad ay nagpakita rin ng positibong pagtanggap mula sa parehong guro at mag-aaral, na nagpapatunay sa epektibong paggamit nito bilang pantulong sa pagtuturo. Sa kabuoan, ipinapakita ng pag-aaral na ang *polymedia* na kagamitan ay isang mabisang kasangkapan sa pagpabubuti ng pagtuturo ng Panitikan ng Pilipinas, na may potensyal na makapagpataas ng kalidad ng edukasyon sa asignaturang ito.

ISSN: 2799 - 1091
Page No. 93-103

## MGA SANGGUNIAN

Bawa, A., & Bawa, F. (2020). Integrating multimedia in educational materials for higher education. *Educational Technology & Society*, 23(2), 25-36.

Belarga, B., Guiquing-Clemente, B., Tulawie, A., Alih, C., Caban, R., & Manois, F. R. (2025). From Page to Praxis: The Role of Regional Literature in Shaping Culturally Grounded Teaching Methods in HEIs. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 356–371. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.206

Brown, A. H., & Green, T. D. (2019). The essentials of instructional design: connecting fundamental principles with process and practice. Routledge.

Butac, S., Manera, A., Gonzales, E., Paller, R., Eustaquio, M. T., & Tandoc, J. J. (2025). Forging Global Citizens: A Comparative Study of Intercultural Pedagogical Practices of Higher Educational

Institutions in the Philippines. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 62–79. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.171

Caliboso, J., Bagalay, B., Santiago, M. grace, Bayan, R., Aguinaldo, I., & Belo, J. (2025). Literary Texts as Cultural Tools: A Study on Contextualized Learning Strategies in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 340–355. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.205

Cruz, M. (2020). Innovative teaching strategies and student engagement in Filipino language education. *Philippine Journal of Educational Development*, 12(4), 78-89.

De Guzman, L. (2021). Evaluating the impact of polymedia-based instruction on academic performance in college-level filipino courses. *Journal of Philippine Language and Education,* 15(1), 45-56.

Dela Cruz, J. R., & Lopez, M. T. (2022). Challenges and innovations in teaching Philippine literature using polymedia: a case study of Sultan Kudarat State University. *Journal of Educational Practices in Mindanao*, 15(1), 34-45.

Dela Cruz, L., Aguinaldo, I., Alzate, L. J., Camero, C., Abiado, K. R., & Gumpal, B. (2025). Fostering Intercultural Competence through Culturally Responsive Pedagogy: Practices and Perspectives in Philippine Higher Education Institutions. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 36–50. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.187

Dela Cruz, L., Manera, A., Ramirez, E., Macato, D., Catbagan, R. J. I., & Tulawie, A. (2025). Bridging Cultures in the Classroom: Analyzing Pedagogical Approaches that Promote Intercultural Competence in Multicultural Higher Education Settings. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 242–261. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.202

Delos Reyes, R. J. (2020). Polymedia based instruction in purposive communication. *Puissant*, 1, 98-112.

Dequilla, M.A.C., Boholano, H.B, & Rosano, D.A. (2019). Technology for teaching learning 1. Quezon, Metro Manila. Lolimar Publishing, INC.

Domingo, M. A., Gabanes, L. M. C., Gerong, J.-K. P., Mamado, C. J. B., & Pederio, E. R. (2024). Kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng nobelang Filipino: Isang inobasyong pag-aaral. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research, 3*(2).

Espique, F.P., & Ao, S.L. (2020). Technology for teaching and learning 2. Quezon City, Metro Manila. Lorimar Publishing Inc.

Eustaquio, M. T., Clemente, R., Joaquin, M., Manaois, F. R., Alih, C., & Tulawie, A. (2025). Reimagining Pedagogy through Cultural Narratives: Integrating Philippine Literature in Higher

Education Classrooms. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 262–277. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.203

Fernandez, M. (2020). Exploring the use of polymedia in enhancing learning outcomes in Filipino subjects. *Philippine Journal of Education and Technology*, 22(1), 59-68

Ferranco, M. (2025). Emotional Intelligence and Culturally Grounded Leadership: A Study of Small Business Owners in San Pedro, Laguna, Philippines. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 191–202. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.197

Gadaza, A., Manera, A., Caban, R., Alih, C., Tulawie, A., & Picpican, H. (2025). Cultural Identity and Historical Consciousness: A Study of Philippine History Instruction in Tertiary Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 19–35. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.135

Gadaza, A., Manera, A., Santos, S., Alih, C., & Caban, R. (2025). Reviving the Past, Teaching the Future: The Role of Philippine Cultural Heritage in Curriculum Development of Teacher Education Programs Focus. International Journal on Culture, History, and Religion, 7(SI2), 80–97. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.169

Garcia, J. G., Gañgan, M. G. T., Tolentino, M. N., Ligas, M., Moraga, S. D., & Pasilan, A. A. (2021). Canvas adoption assessment and acceptance of the learning management system on a web-based platform. *arXiv preprint arXiv:2101.12344*.

Gidion, G., Grosch, M., Capretz, L. F., & Meadows, K. (2015). Media usage survey: overall comparison of faculty and students. *arXiv preprint arXiv:1508.00043*.

Gonzales, M. T. (2020). Pagsusuri sa tradisyunal at makabagong estratehiya sa pagtuturo ng filipino. *Philippine Journal of Language and Literature Education,*

Lucero, H. R., Victoriano, J. M., Carpio, J. T. & Fernado, P. G. J. (2021). Assessment of e-learning readiness of faculty members and students in the government and private higher education institutions in the Philippines. *International Journal of Computing Sciences Research*, 5(1), 398-406. doi:10.25147/ijcsr.2017.001.1.48.

Manera, A., Dalaten, M. A., Matammu, C., Catungal, M., Prestoza, M. J., & Ligutan-Siplac, G. (2025). Narratives of Nationhood: Culturally Attuned Pedagogies for Filipino Literature in a Multilingual Educational Landscape. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 296–312. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.158

Navasca, R., Abaquita-Espiritu, J., Calaranan, M., Navasca, M., Tugelida, N. B., & Tamayo, S. (2025). Culturally Rooted Pedagogies in Technical-Vocational Education: Teaching Practices and Cultural Integration among TVL-TLE Instructors and Professors in Philippine Higher Education. *International Journal on Culture, History, and Religion*, *7*(SI2), 372–387. https://doi.org/10.63931/ijchr.v7iSI2.207

Ramirez, P., & Gonzales, L. (2022). Teachers' challenges in adopting polymedia for effective learning in public schools. *Asian Journal of Educational Technology*, 11(2), 45-53.

Reyes, A. B., & Delos Santos, R. F. (2021). Polymedia integration in teaching philippine literature: challenges and opportunities. *Educational Innovations Journal,* 10(2), 45-56.

Rivera, L. M. (2019). The current state of polymedia usage in Filipino education. *Journal of Educational Media Studies*, 14(1), 99-110.

Ruelo, M. M., Sy, S. M. V., Tesalona, M. V., Tornea, Z. M., & Ybanez, K. J. F. P. (2024). Epekto Ng Interaktibong Video Materyal Sa Pagkatuto Ng Mag-Aaral Sa College Of Teacher Education Medyor Sa Filipino. *Ascendens Asia Singapore – Bestlink College of the Philippines Journal of Multidisciplinary Research*, 3(2).

Samson, A. (2019). Epekto ng multimedia sa pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino ng mga piling mag-aaral sa ikawalong baitang ng Inosloban Marawoy Integrated National High School. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts,* 3(2D).

Tolentino, D. L. (2001). Ang problema sa pagtuturo ng panitikan sa Pilipinas. *Sentro ng Wikang Filipino.*